

**Para sa Mga Negosyo at Organisasyon sa Komunidad na Hindi
Pangangalagang Pangkalusugan:
Ang Dapat Gawin Kung Mayroong COVID-19 sa Lugar ng Trabaho**

Na-update noong Agosto 17, 2020

Na-update ang dokumentong ito noong 5/17/2020 at dinagdagan ito ng Mga Madalas Itanong, mga bagong mapagkukunan, at bagong kahulugan ng “mga malapit an contact.”

Available ang dokumentong ito sa www.sfchcp.org/covid19 sa ilalim ng *Mga Negosyo at Employer*.

AUDIENCE: Mga negosyo, kumpanya, opisina, relihiyosong grupo, at katulad na organisasyon. (Ang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at first responder ay dapat sumangguni sa kanilang opisina sa kaligtasan sa trabaho para sa gabay, at tumingin sa partikular na impormasyon naka-post www.sfchcp.org/covid19hcp sa ilalim ng *Mga Pagkakalantad sa Pangangalagang Pangkalusugan*).


NALALAPAT KAPAG: Ang isa o higit pang tao mula sa organisasyon ay may COVID-19 (nagpositibo sila para sa COVID-19 o na-diagnose sila ng kanilang provider sa pangangalagang pangkalusugan na may COVID-19) at nagkaroon sila ng mga sintomas sa loob ng 48 oras habang sila ay nasa trabaho.

Kung ang taong nakumpirmang may COVID-19 ay wala sa lugar ng trabaho sa loob ng 48 oras bago magsimula ang mga sintomas o habang mayroon silang mga sintomas, hindi nalalapat ang mga tagubiling ito at walang espesyal na rekomendasyon para sa pag-quarantine o pag-disinfect.


Kasama sa mga sintomas ng COVID-19 ang lagnat, panlalamig, o paulit-ulit na panginginig/pangangatog, ubo, pananakit ng lalamunan, pangangapos ng hininga, problema sa paghinga, hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo, pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, sipon o baradong ilong, o pagtatae.

MGA TAGUBILIN:

- **Panatilihin ang pagiging kumpidensyal.** Tanungin ang may sakit kung sino sa lugar ng trabaho ang malapit niyang nakaugnayan sa loob ng 48 oras bago siya nagkaroon ng mga sintomas. Huwag ihayag ang pagkakakilanlan ng may sakit sa sinumang nasa lugar ng trabaho. Hangga't possible, gumamit lang ng magagamit nang impormasyon para tukuyin ang mga nagkaroon ng malapit na contact sa may sakit. Huwag ibunyag ang pagkakakilanlan ng taong may sakit sa iyong pagsisikap na tukuyin ang mga malapit na contact.
- Tukuyin (a) ang huling araw kung kailan pumasok ang taong na-diagnose na may COVID-19 sa lugar ng trabaho, at (b) ang araw kung kailan nagsimula ang mga sintomas niya.
- Kung 3 o higit pang empleyado ang magpopositibo sa loob ng 2 linggo, tumawag sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan sa 415-554-2830.



- Tumutukoy ang **malapit na contact** sa pananatili ng 6 na talampakang layo mula sa taong na-diagnose na may COVID-19 sa loob ng mahigit 15 minuto matapos niyang ma-diagnose o hanggang sa dalawang araw bago siya magkaroon ng mga sintomas, o habang ang taong may COVID-19 ay walang suot na facemask, o pagkakaroon ng direktang contact sa kanilang mga fluid o secretion sa katawan habang walang suot na facemask, gown, at mga guwantes. Kasama rin sa malapit na contact ang mga taong kasama sa bahay, nag-aalaga sa, o inaalagaan ng taong may COVID-19.
- Ang sinumang may **malapit na contact** sa taong na-diagnose para sa COVID-19 sa loob ng 48 oras bago sila nakaranas ng mga sintomas o habang nakakaranas sila ng mga sintomas, ay hindi na dapat papasukin sa trabaho at **dapat manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw** mula sa huling araw na nasa trabaho ang taong na-diagnose na may COVID-19. Tinatawag itong “pag-quarantine.” Kung magkakaroon ng COVID-19 ang empleyado sa panahon ng pag-quarantine, kakailanganin niyang “mag-isolate.”
 - Ibigay ang **Mga Alituntunin sa Pag-isolate at Pag-quarantine sa Bahay** sa mga taong tinukoy na Mga Malapit na Contact. Available ang mga tagubilin at FAQ sa: www.sfcdcp.org/covid19 sa ilalim ng “Mga Direktiba sa Pag-isolate at Pag-quarantine.” Dapat nilang sundin ang **Mga Hakbang sa Pag-quarantine sa Bahay**.
- **Ang iba pang nasa lugar ng trabaho** pero hindi natukoy bilang malapit na contact ay dapat payuhan na **subaybayan ang sarili para sa mga sintomas** sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng huling araw na nasa trabaho at manatili sa bahay ang taong na-diagnose na may COVID-19, at makipag-ugnayan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan kung makakaranas sila ng mga sintomas.
 - Ibigay ang **Pangkalahatang Paunawa para sa Pagkakalantad** sa lahat ng tinukoy na Malapit na Contact, na available sa www.sfcdcp.org/covid19 sa ilalim ng *Mga Negosyo at Employer*.
- Magsagawa ng **mga hakbang sa paglilinis at pag-disinfect**. Tingnan ang gabay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) tungkol sa mga hakbang sa paglilinis at pag-disinfect, kasama ang mga hakbang sa paglilinis at pag-disinfect kung may sakit ang isang tao, na naka-post sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/disinfecting-building-facility.html
 - Tingnan din ang aming mga tagubilin para sa Kaligtasan sa Paglilinis at Pag-disinfect at Mga Aprubadong Disinfectant na naka-post sa www.sfcdcp.org/covid19 sa ilalim ng *Mga Rekomendasyon sa Paglilinis*
- Aktibong imensahe ang lahat ng indibidwal para **pahusayin ang mga hakbang sa kalinisan** (paghuhugas ng kamay, pag-iwas sa paghawak ng mata/ilong/bibig, pagtatakip ng mga pag-ubo at pagbahing). Maglaan ng mga tissue, hand sanitizer, at disinfecting wipe na madaling makukuha sa buong pasilidad. Makukuha ang mga printable na materyales sa: www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/communication/factsheets.html
- Ayusin ang kapaligiran ng trabaho para masunod ang mga alituntunin sa **social distancing**. Halimbawa, hikayatin ang pakikipag-ugnayan nang malayuan hangga't maaari, batay sa mga tungkulin sa negosyo. Ang mga natitira sa lugar ng trabaho ay dapat magpanatili ng hindi bababa sa



6 na talampakang layo mula sa ibang indibidwal. Makukuha ang karagdagang impormasyon sa lugar ng trabaho at social distancing sa: <https://sf.gov/topics/coronavirus-covid-19>

Mahalagang Puntong Kailangang Malaman ng Mga Employer Tungkol sa Kanilang Empleyadong Nagpositibo sa COVID-19

- Panatilihin ang pagiging kumpidensyal. Huwag ipaalam ang pagkakakilanlan ng taong ito sa kahit na sino sa iyong lugar ng trabaho.
- Inirerekomenda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco sa mga employer na huwag hingan ng tala o ng muling pagsusuri ang isang empleyado matapos niyang mag-isolate o mag-quarantine.
- Tiyakin sa iyong mga empleyado na hindi pinapayagan ang mga employer na tanggalin o disiplinahin ang mga empleyado o bawasan ang kanilang oras para sa panatili sa bahay kung magpopositibo sila o kung hihilingin sa kanilang mag-quarantine o mag-isolate para sa COVID-19.

Mga Madalas Itanong

1) Dapat ba akong humingi ng tala ng doktor o patunay ng pagsusuri sa COVID-19 sa aking empleyado?

- Hinikayat ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco ang mga employer na huwag manghingi ng sulat upang manatili sa bahay o bumalik sa trabaho ang mga empleyado. Makikita ang impormasyong ito sa aming website sa: www.sfcddcp.org/covid19 sa ilalim ng “Pag-isolate sa Bahay at Pagbalik sa Trabaho.”


2) Dapat ba akong makipag-ugnayan sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang tauhan?

- Kailangan mo lang makipag-ugnayan sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung 3 o higit pang empleyado ang magpopositibo sa loob ng 2 linggo. Makakaugnayan sila sa 415-554-2830.

3) Ipapaalam ba sa akin kung magpopositibo sa COVID-19 ang isang empleyado?

- Sasabihin sa iyo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung matutukoy ng empleyado mo ang iyong lugar ng trabaho bilang ang lugar kung saan siya malamang na nalantad, o kung nagkaroon siya ng malapit na contact sa mga katrabaho sa loob ng 48 oras bago siya magkaroon ng mga sintomas o magpositibo sa COVID-19. Kung sa trabaho nakuha ng iyong empleyado ang virus o kung wala siyang naging malapit na contact sa mga katrabaho, dapat ipaalam sa iyo ng empleyado mong kailangan niyang mag-isolate.

4) Kailan puwedeng bumalik sa trabaho ang isang empleyadong nagpositibo sa COVID-19?



- Hindi kailangang magpasuri ng empleyado para makabalik sa trabaho.
- Iba't iba ang sitwasyon kung kailan puwedeng bumalik ang isang empleyado sa trabaho. Pakitingnan ang Pansamantalang Gabay: Pag-alis sa Pagkaka-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 www.sfdcp.org/wp-content/uploads/2020/03/COVID19-Return-to-Work-Leaving-Isolation-FINAL-06.08.2020.pdf

5) Nababahala ako sa layout ng lugar ng trabaho, ano ang dapat kong tandaan kaugnay ng social distancing?


- Kung posible para sa iyong negosyo, pag-isipang hayaan ang mga tauhang mag-telecommute.
- Para sa mga nasa lugar ng trabaho pa, ipaalala sa mga tauhang magpanatili ng 6 na talampakang layo sa isa't isa. Puwede kang maglagay ng tape sa sahig kung makakatulong ito sa daloy ng mga tao sa iyong gusali.
- Pag-isipang bawasan ang mga puwedeng gumamit sa iyong (mga) banyo.
- Ang Appendix A ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan C19-07e ay isang magandang mapagkukunan para sa mga negosyo. Para makakuha ng mga ideya tungkol sa iyong lugar ng trabaho, tingnan ang seksyong Measures to Prevent Unnecessary Contact section in Appendix A (Mga Pag-iingat para Maiwasan ang Hindi Kinakailangang Contact sa Appendix A), na nasa www.sfdph.org/dph/alerts/files/C19-07e-Appendix-A.pdf.

6) Ano ang contact tracing?

- Ang contact tracing ay isang programang tumutulong sa pagtukoy sa mga posibleng nakaugnayan ng isang naimpeksyong indibidwal, kahit walang naging sintomas ang naturang indibidwal.
- Puwedeng makipag-ugnayan sa iyo o sa ilan sa mga tauhan ang Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, na siyang gagabay sa iyo sa mga susunod na hakbang. Hihingin nila sa iyo o sa mga tauhan mo ang iyong pangalan, numero ng telepono, at tirahan.
- Aalamin ng SFDPH ang mga malapit na contact ng empleyado na nagpositibo sa COVID-19. Ang malapit na contact ay isang taong nakasalamuha ng taong may COVID-19 nang mahigit sa 15 minuto at may layong nasa 6 na talampakan. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga malapit na contact sa <https://sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19>.

7) Puwede ko bang pabalikin sa trabaho ang aking empleyado na nagpositibo sa COVID-19 matapos niyang mag-isolate?

- Hindi. Ipinapaalala ng kasalukuyang Utos na Manatili sa Bahay na nasa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-health-directives.asp sa mga negosyong huwag



papasukin ang empleyado kung nagpositibo siya sa virus na nagdudulot ng COVID-19 o kung nakakaranas siya ng mga sintomas ng COVID-19.


- Ipaalam sa iyong mga empleyado na posibleng mayroon silang bayad na sick leave o iba pang proteksyon sa trabaho sa ilalim ng batas ng pederal at lokal kung magpopositibo sila, hihilingin sa kanilang mag-quarantine, o hihilingin sa kanilang mag-isolate ng sarili para sa COVID-19.
- Bukod pa rito, ang FAQ sa Pagtatrabaho sa panahon ng COVID-19 ng Departamento para sa Patas na Pagtatrabaho at Pabahay ng California ay may factsheet sa www.dfeh.ca.gov/wp-content/uploads/sites/32/2020/03/DFEH-Employment-Information-on-COVID-19-FAQ_ENG.pdf, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga batas ng estado na nagbabawal sa diskriminasyon ng mga empleyado batay sa pagiging positibo nila sa COVID-19.
- Para magbasa pa tungkol sa diskriminasyon sa lugar ng trabaho, bisitahin ang page ng Komisyon ng U.S. sa Patas na Oportunidad sa Trabaho para sa mga employer sa www.eeoc.gov/employers.
- Ipaalam sa iyong empleyado ang tungkol sa mapagkukunan tungkol sa [Mga Madalas Itanong para sa Mga Manggagawang Dapat Mag-isolate o Mag-quarantine Dahil sa COVID-19](#) na nasa www.sfdcp.org/covid19 sa ilalim ng “Pag-isolate at Pag-quarantine.”

8) Kung mayroon pa akong mga tanong, ano pang mga mapagkukunan ang puwede kong i-access?

- Nag-set up ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco ng email sa workplacesites@sfdph.org at ng telepono sa 628-217-6381 na naglalayong suportahan ang mga negosyo.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

- Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH)
 - Appendix A ng Utos sa Kalusugan C19-07e www.sfdph.org/dph/alerts/files/C19-07e-Appendix-A.pdf
 - COVID-19 Cleaning and Disinfectant Safety & Approved Disinfectants (Kaligtasan ng Paglilinis at Disinfectant para sa COVID-19 at Mga Naaprubahang Disinfectant) www.sfdcp.org/wp-content/uploads/2020/03/COVID19-Disinfectants-Safety-FINAL-04.18.2020.pdf
 - Pansamantalang Gabay: Pag-alis sa Pagkaka-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 www.sfdcp.org/wp-content/uploads/2020/03/COVID19-Return-to-Work-Leaving-Isolation-FINAL-06.08.2020.pdf



- [Mga Madalas Itanong para sa Mga Manggagawa na Dapat Mag-isolate o Mag-quarantine Dahil sa COVID-19](#) (naka-post sa www.sfc-dcp.org/covid19 sa ilalim ng “Pag-isolate at Pag-quarantine”)
- Utos na Manatili sa Bahay www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp
- Sa ilalim ng tab na Mga negosyo at employer: Para sa Mga Negosyo at Organisasyon sa Komunidad na Hindi Nauugnay sa Pangangalagang Pangkalusugan: Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho www.sfc-dcp.org/covid19
- SF.gov
 - Gabay sa negosyo kung may tauhang magpopositibo sa COVID-19 <https://sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19>
- Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
 - Mga napi-print na karatula at flier para sa lugar ng trabaho www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/communication/factsheets.html.
 - Paglilinis at Pag-disinfect. www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Fcoronavirus%2F2019-ncov%2Fprepare%2Fdisinfecting-building-facility.html
- Ahensya ng California sa Development ng Paggawa at Mga Manggagawa
 - Mga Mapagkukunan Tungkol sa Coronavirus 2019 (COVID-19) para sa Mga Empleyado at Manggagawa www.labor.ca.gov/coronavirus2019/
- Komisyon ng U.S. sa Patas na Oportunidad sa Trabaho
 - Page para sa mga employer www.eeoc.gov/employers